# KAPASIYAHAN BLG. 2020-132

**"NAGPAPATIBAY SA ADMINISTRATIVE ORDER NO. 37, NA NAGLALAYONG MAPAGKALOOBAN NG SERVICE RECORD INCENTIVE (SRI) ANG MGA KAWANI NG GOBYERNO PARA SA TAON NG PANANALAPI 2020 NA NAGKAKAHALAGA NG SAMPUNG LIBONG PISO (PHP10,000.00)."**

*Pinagtibay sa mungkahi ni:*
**Melvin H. Melencio**
*Tagapangulo*
Lupon sa mga Alituntunin, Pananalapi at Pamamahala ng Kitambayan

**SAPAGKA'T**, nagbaba ang Pangulo ng Pilipinas, Kgg. Rodrigo Roa Duterte, ng Administrative Order No. 37;

**SAPAGKA'T**, ang Kautusang Pang-administratibong ito ay naglalayong makapabigay ng halagang Sampung Libong Piso (PhP10,000.00) bilang Service Record Incentive sa lahat ng kawani ng gobyerno;

**SAPAGKA'T**, ang hakbanging ito ay may pagkukunang pondo sang-ayon sa komite ng lokal na pananalapi;

**SAPAGKA'T**, ang mga kawani ng gobyerno ay karapat-dapat lamang na gantimpalaan para sa kanilang partisipasyon at kontribusyon sa patuloy na talagusang proseso ng gobyerno at makapaghatid ng serbisyo publiko kahit ngayong may public health emergency na hatid ng pandemyang Covid-19.

**KUNG KAYA'T,** sa mungkahi ni **IGG. MELVIN H. MELENCIO** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat ng kasangguning dumalo sa pulong na ito.

**IPINASIYA, gaya ng dito ay IPINASISIYA,** na pagtibayin ang Administrative Order No. 37, na naglalayong mapagkalooban ng service record incentive (SRI) ang mga kawani ng gobyerno para sa taon ng pananalapi 2020 na nagkakahalaga ng Sampung Libong Piso (PhP10,000.00).

**PINAGTIBAY,** ngayong ika-22 ng Disyembre taong Dalawang Libo at Dalawampu sa Bulwagang Amado S. Raymundo, Poblacion, Bustos, Bulacan.

**Juliet DJ. Dela Cruz**
Kasangguni

**Jonalyn S. Ortega-Santos**
Kasangguni

**Toni Flor H. De Guzman**
Kasangguni

**Rosette G. Pangilinan**
Kasangguni

**John Erick L. Perez**
Kasangguni

**Aljhaneal E. Quiñones**
Kasangguni

**Melvin H. Melencio**
Kasangguni

**Gemar Aldrich M. Cruz**
Kasangguni

**Martin SJ.Angeles**
ABC President

**Angelica DL. Tadeo**
SK President

**Arnel F. Mendoza**
Pangalawang Punong Bayan at
Tagapangulo ng Sangguniang Bayan

---

Pinatutunayan ko ang Kawastuhan at Katotohanan na ang nakatitik sa itaas nito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ngayong ika-22 ng Disyembre taong Dalawang Libo at Dalawampu.

**ATTY. GERARDO S. BRIASA**
Kalihim